

Ang pagpapanatili ng Wika sa Bahay/unang Wika/mga Wika ay nagsisilbing malakas na basehan sa pagkakatuto ng Ingles.

Napakahalaga ng unang wika na natutunan sa bahay dahil ito ay nagsisilbing pundasyon para sa mga susunod na wikang pauunlarin.



Madaling matuto ng dalawang (o higit pa) wika ang mga bata kung may pagkakataon silang makinig at magsalita ng higit pa sa isang wika.

Ang mga magulang, mga miyembro ng pamilya at mga guro ang pinakamahahalagang impluwensya sa pagpapayaman at pagpapanatili ng wika sa bahay. Makatutulong ang mga magulang sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng wika sa bahay sa pakikipag-usap sa kanilang anak at hindi pagpapakilala ng Ingles.

Maraming dahilan kung bakit mahalagang panatilihin ang una o ang wika sa bahay:

- Kapag ang mga bata ay matatas sa kanilang wika sa bahay, makatutulong ito sa kanilang pag-aaral ng ikalawang wika.
- Ang pagpapanatili ng wika sa bahay ay mahalaga upang makalikha ng pagkamatiwasay sa sarili, ng ugnayan sa kultura at pamilya at ng pakiramdam na kaisa.
- Ang mahusay na kaalaman sa higit sa isang wika ay nagpapalawak sa pag-iisip ng mga bata at may mga positibong epekto sa kanilang pagtingin sa pag-aaral, paglutas ng suliranin at maaring mararating sa pag-aaral.

Kailangang marinig ng mga bata ang kanilang wika sa bahay na ginagamit sa ibat-ibang sitwasyon at pakay. Makakatulong ito sa pagbuo ng isang matibay na pagkilala sa sarili at magsisilbing mahusay na pundasyon sa pag-aaral ng Ingles.



Ang pag-aaral ng Ingles bilang karagdagang wika sa mga kapaligiran ng murang kabataan.

Ang mga bata ay magkakaroon ng maraming pagkakataong matuto ng Ingles sa kapaligiran ng murang kabataan.

Ang mga bata ay agad na magiging bahagi ng kapaligiran na karirangan nila ng Ingles na ginagamit sa ibat-ibang konteksto. Gugustuhin nilang sumali sa laro na kasama ang ibang bata. Ang mga guro ay magdudulot ng mabubuting huwaran at mga pagpapakataon upang makarinig at makapagsalita ng Ingles ang mga bata. Gagabayan at hihimukin ng mga guro ang mga bata habang unti-unti nilang nauunawaan at nasasalita ang Ingles.

Napapatibay ng mga bata ang kanilang mga kasanayan sa wika ayon sa kanilang kakayahan. May panahon na ang mga bata na nag-aaral ng dalawang wika nang sabayan ay maaaring magsalita nang madalas sa isang wika keysa sa isa.

Sa umpisa ay paghahaluin ng mga bata ang mga wika kapag nagsasalita. Maaaring alam nila ang isang salita sa isang wika at hindi sa isa. Upang panatilihin ang katatasan sa pakikipag-usap, ginagamit nila ang mga salitang alam nila.

Habang ang mga bata ay nag-aaral ng Ingles bilang karagdagang wika, mahalaga na ang mga magulang ay patuloy na nakikipag-usap sa kanilang anak sa wika sa bahay. Ito ay aalalay sa kanilang anak upang paunlarin at panatilihin ang wika sa bahay.



Incorporating Multicultural Resource Centre

Ground Floor, 9-11 Stewart Street
Richmond, 3121
tel: +61 3 9428 4471
fax: +61 3 9429 9252
email: fkacs@fka.org.au
web: www.fka.org.au
FKA Children's Services Inc. 215663278505573

